

PAG-ASA

PARA SA

KINABUKASAN



TALAAAN NG MGA NILALAMAN

Pagbati	1
Kabanata 1: Ang Mabuti at Matagumpay na Hinaharap	2
Kabanata 2: Nawala at Nasumpungan	6
Kabanata 3: Ikaw ay Natatangi!	12
Kabanata 4: Iniibig at Hindi Nag-iisa	18
Ang Katotohanan Ngayon	24
Kabanata 5: Mga Sulating Gabay ni Solomon	26
Kabanata 6: Kasarian, Pagpili at Katotohanan	30
Kabanata 7: Kapayapaan sa Gitna ng Unos.....	36
Kabanata 8: Kikilalanin at libigin	42

Hope for Tomorrow Book of Hope (HFT-BOH), Tagalog
979-8-89107-456-9
Copyright © 2024, 2025 OneHope, Inc
www.onehope.net

Holy Bible, New Living Translation Copyright © 1996, 2004, 2015
by Tyndale House Foundation Used by permission of Tyndale
House Publishers, a division of Tyndale House Ministries, Carol
Stream, Illinois 60188. All rights reserved.
Ang mga talata sa babasahing ito ay mula sa Magandang Balita
Biblia, © 2012 ng Philippine Bible Society. Ginamit nang may
pahintulot. All rights reserved.

PAGBATI

Ang buhay ay isang paglalakbay.
Ang daan patungo roon
ay maaring masaya at
kapanapanabik, o kaya'y madilim
at nakakatakot para sa iba. At
kahit na may pinakamagandang
plano ka pa para rito, ang
hinaharap naman ay hindi tiyak
at hindi mahuhulaan.

Sa isang mundong maraming
pagpipilian, sadyang mahirap
gumawa ng matatalinong
pagpapasya. Ang mga
mahahalagang desisyon
ay maaaring magdulot ng
kabalisahan at takot. Upang
makagawa ng tamang desisyon,

mahalaga na alam natin ang mga
bagay na nakaiimpluwensya sa
pagbuo natin nito.

Siguro naitatanong mo, "Ano
bang dapat kong gawin para
siguraduhing maganda ang
kinabukasan ko?" "Paano
ako mabubuhay ng talagang
matagumpay?" "Paano ako
makagagawa ng mga tamang
desisyon para magkaroon
ng matagumpay na
hinaharap?" "Mayroon bang
mapagkakatiwalaang gabay
na pwedeng sundan?"

Magandang balita! Mayroon.

TABLE OF CONTENTS

Welcome	1
Chapter 1: A Good and Successful Future	3
Chapter 2: Lost and Found	7
Chapter 3: Exclusive: You are one of a Kind!	13
Chapter 4: Loved and Not Alone	19
Truths for Today.....	25
Chapter 5: Solomon's Scrolling Guide	27
Chapter 6: Gender, Choice and Truth	31
Chapter 7: Peace in the Storm	37
Chapter 8: Someone to Know and Love	43

WELCOME

Life is a journey. The path ahead may be bright and exciting at times or even dark and frightening at others. Even with the best planning, the future is uncertain and unpredictable.

In a world full of options, it can be difficult to make wise choices. Important life decisions can cause

a lot of anxiety and fear. In order to make good decisions, it is important to be aware of what influences them.

You may be asking, "What can I do to ensure my future is good?" "How do I live a truly successful life? How can I possibly make all the right decisions for a successful future? Is there a trustworthy guide I can follow?"

Good news! There is.



KABANATA 1: ANG MABUTI AT MATAGUMPAY NA HINAHARAP

Ang ating mga desisyon ay madalas na naaapektuhan ng mga bagay na nasa paligid natin. Ang *social media*, mga kaibigan, at mga lider; ang lahat ng mga ito ay may epekto sa mga desisyon na ating ginagawa, ngunit hindi lahat ay mapagkakatiwalaan. Tulad na lamang ng mga emosyon na nagdudulot ng kalituhan, ang mga matinding hangarin na nagmula sa kasinungalingan, at madalas, tayo ay nauuwi sa pagkalito.


Ngunit gaya ng makikita natin sa kwento ni Jose, **mas magiging maganda ang ating kinabukasan kapag ipinagkatiwala natin ito sa tamang mga kamay.**

Si Jose ay mas mahal ng kanyang ama, at ang kanyang labing-isang kapatid na lalaki ay matindi ang galit sa kanya. Nagkaroon siya ng panaginip patungkol sa kanyang hinaharap na kung saan siya ay magiging pinuno at yuyukod

sa kanya ang kanyang pamilya. Nang sinabi niya ito sa kanyang mga kapatid, sila ay nagalit dahil sa matinding selos. Matapos nito, inihulog siya ng mga ito sa isang balon, at ipinagbili sa mga mangangalakal ng alipin.

Si Jose ay dinala sa Ehipto at ipinagbili kay Potiphar, isang kapitan ng mga kawal ng Faraon, at siya ay naging tagapangasiwa. Pinarangalan siya ni Potiphar at pinagnasaan naman siya ng asawa nito. Nang pinili niya ang tama sa pamamagitan ng pag-iwas sa tukso, inakusahan siya nito ng pananamantala, at si Jose ay dinala sa bilangguan ng hari.

Ngunit si Jose ay patuloy na ginabayan ng Diyos sa pamamagitan ng mga tao at pagkakataon. Dahil nagtiwala si Jose sa Diyos, malakas ang kanyang loob na siya ay nasa tamang daan kahit tila nagkamali sya ng pinuntahan. Kinagiliwan siya ng bantay ng bilangguan. Naging tagapangasiwa siyang muli. Pinili ni Joseng ipaliwanag ang mga panaginip ng dalawang preso, ng tagapangasiwa ng inumin ng hari at ng punong panadero. Kahit na tama ang kanyang mga paliwanag, nanatili pa rin siya sa bilangguan sa loob ng dalawang taon.



CHAPTER 1: A GOOD AND SUCCESSFUL FUTURE

Our decisions are constantly influenced by those around us. Social media, friends, leaders; they all impact the choices we make, yet not all are reliable. Emotions also may mislead, deep convictions can be rooted in falsehood, and we are often left feeling lost in doubt.

But as we will see in the story of Joseph, our future can be made brighter when we entrust it to the right hands.

Joseph's father greatly favored him. His 11 brothers deeply resented him. He had dreams of his future where he would become a ruler and his family bow before him. When he chose to tell his brothers, they became enraged with jealousy. Soon after this, they threw him into a pit, and sold him to slave traders.

Joseph was taken to Egypt and sold to Potiphar, a captain of Pharaoh's guard. God guided him, and he became a manager. Potiphar honored him and Potiphar's wife desired him. When he chose to do what is right by resisting the temptation, she falsely accused him of attacking her, and he was sent to the king's prison.

But God continued to guide Joseph through people and circumstances. Because Joseph trusted God, he could be confident he was on the best route even when it seemed like he may have taken a wrong turn. The prison keeper favored him. He became manager again. Joseph chose to interpret the dreams of two prisoners, the king's butler and baker. Even though his interpretations were correct, he remained in prison for two years.



Pagkatapos, sa panahon ding iyon, nanaginip ang Faraon at inutusan niya si Jose na ipaliwanag ito. Tinulungan ng Diyos si Jose na maunawaan ang panaginip at ipinaliwanag niya na ang Diyos ay binabalaan siya tungkol sa taggutom. Ang Faraon ay nalugod kay Jose at ginawa siyang pangalawa sa may pinakamataas na katungkulan sa buong Ehipto. Ginabayan ng Diyos si Jose sa paghahanda sa Ehipto upang malampasan ang taggutom. Nang dumating ang taggutom, pumunta sa Ehipto ang kanyang mga kapatid upang humingi ng pagkain. Hindi siya nakilala ng mga ito, yumukod ang mga kapatid ni Jose sa kanya, katulad ng nangyari sa kanyang panaginip. Pinili ni Jose na patawarin ang kanyang mga kapatid at iligtas ang kanyang pamilya mula sa taggutom.

Inihayag ni Jose sa kanyang mga kapatid, "Pinauna ako rito ng Diyos upang ingatan kayo at ang inyong mga pamilya at upang pangalagaan ang maraming buhay. Kaya, hindi kayo kundi ang Diyos ang nagpadala sa akin dito! At siya ang gumawa sa akin bilang tagapayo ng Faraon—ang tagapamahala ng buong palasyo at gobernador ng buong Ehipto. Siya ang naglagay sa akin sa posisyong ito, upang mailigtas ang buhay ng maraming tao."

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa buhay ni Jose, basahin ang Genesis kabanata 37-50.

Sa kanyang paglalakbay, nasumpungan ni Jose ang kanyang sarili sa gitna ng mga pangyayaring hindi na niya kontrolado. Gayunpaman, sa kabila ng mga pagsubok, nanatili siyang nagtitiwala sa gabay ng Diyos. May plano ang Diyos para kay Jose mula sa simula

pa lamang at nagdulot ito ng mabuti at matagumpay na hinaharap.

Ang Diyos ay may detalyadong plano rin para sa iyong buhay.

"Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Kapag hinanap ninyo ako, ako'y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin."

Ang Diyos na nakaaalam ng lahat at Siyang tagapamahala ng sansinukob ay nagmamalasakit sa iyo.

"Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Sa lahat ng iyong gawain Siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin."

Kahit sa tuwing ang buhay ay mahirap at nakatatakot, ang Diyos ay kumikilos para sa iyong ikabubuti at ayon sa Kanyang plano.

"Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa Kanya, silang mga tinawag ayon sa Kanyang layunin."



Then, at just the right time, Pharaoh had a dream and he asked Joseph to interpret it. God helped Joseph understand the dream and explained that God was forewarning him of a famine. Pharaoh favored Joseph and made him second-in-command over all of Egypt. God guided Joseph in preparing Egypt to survive the famine. When famine struck, his brothers came to Egypt to beg for food. Not recognizing him, Joseph's brothers bowed before him just as in his dream. Joseph chose to forgive his brothers and save his family from the famine.

Joseph declared to his brothers, "God has sent me ahead of you to keep you and your families alive and to preserve many survivors. So, it was God who sent me here, not you! And he is the one who made me adviser to Pharaoh – the manager of his entire palace and the governor of all Egypt. You intended to harm me, but God intended it all for good. He brought me to this position so I could save the lives of many people."

For more information on the life of Joseph, read Genesis chapters 37-50.

Throughout his journey, Joseph found himself in circumstances beyond his control. Yet, despite his struggles, he continued trusting in God's guidance. God had a plan for Joseph from the beginning and led him to a good and successful future.

God has a detailed plan for your life as well!

"'For I know the plans I have for you,' says the LORD. 'They are plans for good and not disaster, to give you a future and a hope. I those days when you pray, I will listen. If you look for me wholeheartedly you will find me.'"

God, the all-knowing ruler of the universe, cares about you!

"Trust in the Lord with all your heart; do not depend on your own understanding. Seek his will in all you do, and he will show you which path to take."

Even when life is difficult or scary, God works everything out for your good and according to his plan.

"And we know that God causes everything to work together for the good of those who love God and are called according to his purpose for them."

KABANATA 2: NAWALA AT NASUMPUNGAN

"Hindi dapat ganito ..."

Kung minsan naisip mo na ito, hindi ka nag-iisa! Ang mga planong ginagawa natin ay kadalasang pumapalya, na nag-iiwan sa atin ng mas malalang kalagayan kaysa noong tayo ay nagsimula. Kaya, ano ang gagawin natin kapag nagbanggaan ang ating mga intensyon at realidad?

May ilang halimbawa na nakapaloob sa aklat na ito na makatutulong masagot ang tanong na ito. Ito ay parang salaping barya na may dalawang bahagi, magkaiba subalit magkasing halaga.

**ALAMIN KUNG PAANO MAKATUTULONG ANG MGA KUWENTO NA ITO SA IYO
UPANG TUKLASIN ANG PERPEKTONG PLANO NG DIYOS!**

May isang ama na may dalawang anak na lalaki. Isang araw sinabi ng nakababatang anak, "Ama, ayoko nang maghintay pa, gusto ko nang kunin ang mamanahin ko, ngayon din!" Ibinigay naman ng kanyang ama ang kanyang hinihiling.

Pagkalipas ng ilang araw, dinala niya ang lahat ng kanyang ari-arian at pumunta sa malayong bansa. Nabuhay siya na tila wala nang bukas. Ngunit pagkatapos niyang ubusin ang lahat ng kanyang salapi, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing iyon at naiwan siyang gutom at nag-iisa.

Nahikayat niya ang isang may-ari ng babuyan na siya ay tanggapin bilang trabahador. Siya ay gutom na gutom na kahit ang pagkain ng baboy ay nagpapalaway sa kanya. Doon, nanatili siyang gutom at nag-iisa.

Bago natin malaman kung ano pa ang nangyari sa nakababatang anak, alamin natin ang simula ng ating pangalawang kwento sa susunod na pahina.



CHAPTER 2: LOST AND FOUND

"It was not supposed to be this way ..."

If you have ever thought this, you are not alone! The plans we make often fall flat, leaving us worse off than we were when we started. So, what do we do when our intentions and reality collide?

There are a couple of examples we can find in this book that will help to answer this question. They work like the two sides of a coin, appearing completely different but carrying the same value.

CHECK OUT HOW THESE STORIES CAN HELP YOU DISCOVER GOD'S PERFECT PLAN!

There once was a father who had two sons. One day, the younger son told his father, "I do not want to wait for my inheritance, I want it now!" So, his father gave him what he asked for.

A few days later, the son packed up everything he owned and moved to a far-off country. He lived like there was no tomorrow. However, after all his money had been wasted, a terrible famine struck the land leaving him starving and alone.

He was able to convince a local pig farmer to hire him. He still became so hungry that even the slop that was fed to the pigs made his mouth water. But there he remained, hungry and alone.

Before we see how things went for the younger son, check out the start of our second story on the next page ...



Sa simula ng panahon, nilikha ng Diyos ang daigdig. Ang liwanag ay nabuo sa pamamagitan ng Kanyang salitang binigkas, at Kaniyang pinaghiwalay ang liwanag mula sa kadiliman. Nilikha Niya ang mga karagatan at ang lupa, pinuno ang mga ito ng lahat ng uri ng mga nilalang. Pagkatapos, nilikha ng Diyos ang unang mga tao, sina Adan at Eva, at inatasan silang pamahalaan ang lahat ng nilalang. Naroon ang lahat ng kanilang kailangan, at nagsimula sina Adan at Eva na mamuhay ng magkasama.

Pagkaraan ng ilang panahon, tinukso ng isang kaaway ng Diyos sina Adan at Eva na suwayin ang isang utos na ibinigay ng Diyos sa kanila. Nahikayat sila ng kaaway na subukang maging katulad ng Diyos, na magpasya sila nang kanilang sarili kung ano ang mabuti at ano ang masama. Nahulog sila sa tukso at kumain mula sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Ito ang naghiwalay sa kanila sa Diyos at sa perpektong tahanan na inihanda Niya para sa kanila.

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa kwento ng paglikha, basahin ang Genesis kabanata 1-3.

Kaya, paanong konektado ang mga kuwentong ito?

May *pattern* tayong makikita sa dalawang kuwentong ito: pareho ang anak at ang unang dalawang tao ay humantong sa isang bagay na nagdala sa kanila palayo mula sa kanilang mapagmahal na Ama.

Ang nakababatang anak ay naghangad ng kanyang sariling katotohanan, ngunit ang kanyang kasakiman ay humantong lamang sa kahirapan.

Ninais ni Adan at Eva na maging katulad ng Diyos, ngunit ang kanilang pagsuway ay naghiwalay sa kanila sa Kanyang presensiya.

Ito ang problema ng tao: katulad ng nakababatang anak at ni Adan at Eva, ang ating magulong pagnanais na gawin lamang ang gusto natin ay naghihiwalay sa atin sa perpektong disenyo ng Diyos. Tinatawag natin itong "kasalanan", at ito ay isang bagay na nagpapahirap sa lahat.

Kung ang pagiging makasalanan ay nagiging sanhi ng pagkaligaw nating lahat, mahahanap ko pa bang muli ang tamang daan?



In the beginning of time, God created the world. Light was born by his spoken word, and he separated the light from the darkness. He crafted the seas and the land, filling them with all kinds of creatures. Then God created the first human beings, Adam and Eve, and placed them in charge of all of creation. Surrounded by everything they could ever need, Adam and Eve began their life together.

Sometime later, an enemy of God tempted Adam and Eve to break the one command that God had given them. The enemy convinced them to try to be like God, deciding on their own the difference between what was good and what was evil. They gave in to the temptation and ate from the tree of the knowledge of good and evil. This separated them from God and the perfect home He had prepared for them.

For more information on the creation story, read Genesis chapters 1-3.

So, how do these stories connect?

There is a pattern we can see in both of these stories: both the son and the first two people reached for something that took them away from their loving Father.

The younger son wanted to pursue his own truth, but his greed only led him to poverty.

Adam and Eve wanted to be like God, but their disobedience separated them from his presence.

This is the human problem: Like the younger son, like Adam and Eve, our disordered desire to do only what we want separates us from God's perfect design. We call this "sin", and it is something that everyone struggles with.

If sinfulness causes us all to become lost, can I ever find my way again?





"Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa, nasabi niya sa sarili, 'Labis-labis ang pagkain ng mga upahang lingkod ng aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom! Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko sa kanya, 'Ama, nagkasala ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo; ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga upahang lingkod.'"

"At siya'y nagpasyang umuwi sa kanila. Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa matinding awa, patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinalikan. Sinabi ng anak, 'Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo.' Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alipin, 'Dali! Kunin ninyo ang pinakamagandang damit at bihisan ninyo siya! Suotan ninyo siya ng singsing at ng sandalyas. Katayin ninyo ang pinatabang guya at tayo'y kumain at magdiwang. Sapagkat ang anak kong ito ay namatay na, ngunit siya ay nabuhay; nawala, ngunit muling natagpuan.' At sila nga'y nagdiwang."

Para sa karagdagang mga aral mula kay Hesus, basahin ang Lukas kabanata 15.

Kahit naligaw ng landas ang anak, hindi naglaho ang pagmamahal ng kanyang ama.

Ang Diyos ay nag-aalok sa atin ng pag-ibig na walang hinihintay na kapalit.

Nang sinuway ni Adan ang Diyos, pumasok ang kasalanan sa mundo. Ang kasalanan ni Adan ay nagdulot ng kamatayan, kaya ang kamatayan ay lumaganap sa lahat, sapagkat ang lahat ay nagkasala. Ngunit dahil

sa ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus, maaari tayong magkaroon ng kapatawaran, isang tamang pakikipag-ugnayan sa Kanya, at isang bagong buhay kung tayo ay lalapit sa Kanya at tatanggapin ito - **maaari tayong makabalik sa ating tahanan.**

Kahit na tayo rin ay sumusuway sa Diyos at sumusunod sa mga emosyon at pagnanasa na bumibihag sa atin, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus, upang tayo ay iligtas. Hinding-hindi natin ito makukuha; hiding-hindi natin Siya masusuklian sa pagmamahal at kabutihang ipinakita Niya sa atin, ngunit kapag nagtitiwala tayo sa Kanya, inaayos pa rin Niya ang pagkasira ng ating mga puso at ibinabalik tayo sa piling ng Diyos.

Kung nais mong mas maunawaan kung paano sumunod sa Diyos, ipagpatuloy ang pagbabasa! Makikita mo na sa bawat pinagmumulan ng kadiliman, ang Diyos ay iniilawan ang daan pabalik sa kanya sa pamamagitan ng liwanag ng pag-ibig ni Jesus. Ang iyong mapagmahal at banal na Ama ay naghihintay na salubungin ka sa iyong pag-uwi.



"When the younger son finally came to his senses, he said to himself, 'At home even the hired servants have food enough to spare, and here I am dying of hunger! I will go home to my father and say, "Father, I have sinned against both heaven and you, and I am no longer worthy of being called your son. Please take me on as a hired servant."'"

"So, he returned home to his father. And while he was still a long way off, his father saw him coming. Filled with love and compassion, he ran to his son, embraced him, and kissed him. His son said to him, 'Father, I have sinned against both heaven and you, and I am no longer worthy of being called your son.' But his father said to the servants, 'Quick! Bring the finest robe in the house and put it on him. Get a ring for his finger and sandals for his feet. And kill the calf we have been fattening. We must celebrate with a feast, for this son of mine was dead and has now returned to life. He was lost, but now he is found.' So the party began."

For more lessons from Jesus, read Luke chapter 15.

Even though the son lost his way, his father's love never faded.

God offers us this same, unconditional love!

When Adam disobeyed God, sin entered the world. Adam's sin brought death, so death spread to everyone, for everyone sinned. But because of what God did for us through his Son, Jesus, we can have forgiveness, a right relationship with him, and a new life if we will come to him and receive it - **we can come back home.**

Even though we too disobey God and follow emotions and desires that hold us captive, God sent his Son, Jesus, to save us. We could never earn it; we could never pay him back for the love and kindness he showed us, but when we trust him, he still mends the brokenness of our hearts and brings us back home to God.

If you would like to know more about how to follow God, keep reading! You will find that in every source of darkness, God illuminates the way back to him with the light of Jesus' love. Your loving, heavenly Father is waiting to welcome you home.



KABANATA 3: IKAW AY NATATANGI!

Naiisip mo ba minsan, "Sino ba ako?... Bakit ako nandito?"

Noong ipinanganak ka, binigyan ka ng pangalan, at tinawag ka sa pangalang iyon. Habang lumalaki ka, natututo ka tungkol sa iyong sarili mula sa mundong iyong ginagalawan. Natutuklasan mo ang uri ng iyong pagkatao. Lumalabas ang iyong mga kakayahan at talento. Nagsisimula kang bumuo ng mga paniniwala at opinyon. Nagsisimula kang matuklasan ang mga pangarap at mga hangaring taglay mo sa iyong kalooban.

Ang lahat ng ito ay bahagi ng iyong pagkakakilanlan. Bahagi ng nakamamangha mong pagkatao.

Ngunit hindi pa rito natatapos ang lahat.

Ang mundo ay kumplikado at nakalilito.

Ang hamon upang malaman kung sino ka ay maaaring maging mahirap.

At kung hindi mo alam kung sino ka, hindi mo matitiyak kung bakit ka naririto o kung saan ka kabilang.

Ang nakalulungkot, maraming tao ang gumugulog ng kanilang buong buhay sa walang katapusang paghahanap ng pagkakakilanlan at kahulugan. At ito ay nauuwi sa kawalan dahil tumitingin sila sa mga maling lugar at naniniwala sa mga maling bagay.

Kaya, saan mo mahahanap ang katotohanan?



CHAPTER 3: EXCLUSIVE: YOU ARE ONE OF A KIND!

Do you ever wonder, “Who am I?... Why am I here?”

When you were born, you were given a name, and you are called by that name. As you grow, you learn about yourself from the world around you. You discover your personality type. Your abilities and talents emerge. You start forming beliefs and opinions. You begin to discover dreams and desires within.

All of this becomes part of your identity. Parts of the whole wonderful you.

But it is still not all you are.

The world is complicated and confusing. The struggle to know who you are can be intense.

And if you don't know who you are, you can't be certain of why you are here or where you belong.

Sadly, many people spend their entire lives endlessly searching for identity and meaning and come up short because they are looking in the wrong places and believing the wrong things.

So, where can you find the truth?



Kaya kinuha niya ang kanyang bahagi ng ari-arian na kusang-loob na ibinigay ng kanyang ama at naglakbay sa malayo upang hanapin ang kasiyahan. Matapos niyang gastusin ang lahat ng mayroon siya, siya ay naghirap, naging malungkot, at nag-iisa.

Nang mapagtanto niya kung gaano siya naging kamangmang, gusto na niyang umuwi. Ngunit sigurado siyang hindi siya patatawarin ng kanyang ama, at tiyak na hindi siya karapat-dapat na tawaging anak. Ang tanging pag-asa niya ay kunin siya ng kanyang ama bilang tagapaglingkod. Magtatrabaho siya upang makakain.

Ang hindi niya naintindihan ay nananatili pa rin siyang anak. Minahal siya ng kanyang ama, at walang makapagpapabago roon!

Sa kanyang pagbalik, nakita siya ng kanyang ama mula sa malayo,

tumakbo ito palabas, at mahigpit siyang niyakap. Inutusan niya ang kanyang mga alipin na bihisan siya ng pinakamagandang damit, singsing, at mga sandalyas. Sinabi rin niya sa kanila na maghanda ng isang piging upang ipagdiwang ang pagbabalik ng kanyang anak na nawala ngunit natagpuan na. Dahil sa pagmamahal ng kanyang ama, ang anak ay ganap na naibalik sa kanyang nararapat na lugar; bumalik siya na may karangalan sa kung saan siya ay palaging kabilang.

At ipinaliwanag ni Jesus, "Sinasabi ko sa inyo, gayundin ang kagalakan ng mga anghel ng Diyos kapag ang isang makasalan ay tumalikod sa kasalanan."

Naiisip mo ba? Kapag ang isang naligaw na tao ay bumalik sa Diyos, ang buong langit ay nagagalak! Kahanga-hanga!





So he took his share of the estate willingly given by his father and traveled far away searching for happiness. After he spent all he had, he ended up poor, empty, and alone.

When he realized how foolish he had been, he desperately wanted to return home. But he was pretty sure that his father would not forgive him, and he certainly did not feel worthy of being called his son. His only hope was that his father would hire him as a servant. He would work for food.

What he didn't understand is that he was still a son. He was loved by his father. Nothing could change that!

As he returned, his father saw him from afar, ran out to him, and lovingly embraced him. He commanded his servants to put the finest robe, a ring, and sandals on him. He also told them to prepare a feast to celebrate his son who was lost but had been found. Because of his father's love, the son was completely restored to his rightful place; he returned with honor to where he always belonged.

And Jesus explained, "In this same way, there is joy in the presence of God's angels when even one sinner repents."

Can you imagine? When just one lost person returns to God, all of heaven rejoices! Amazing!

Bago mo malaman kung sino ka at kung bakit ka naririto, kailangan mo munang maunawaan ang ilang mga bagay.

NILIKHA KA NA MAYROONG LAYUNIN.

"Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos. Nilikha Niya tayo sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang magawa natin ang mga bagay na inihanda niya para sa atin mula pa noon."

"Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha. Sapagkat sa pamamagitan Niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan Niya at para sa Kanya."

IKAW AY MINAMAHAL NG IYONG MANLIKHA.

"Inihayag ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang isugo Niya sa mundo ang Kanyang kaisa-isang Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan Niya. Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi tayo ang inibig Niya at isinugo Niya ang Kanyang Anak upang maging handog para mapatawad ang ating mga kasalanan."

"Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig Niya sa atin."

IKAW AY PINILI UPANG MAPABILANG SA PAMILYA NG DIYOS.

Magagawa mo ang magagandang bagay na magtatagal sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at pagkatuto sa Kanyang aral.

"Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na Niya tayo upang maging Kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo at upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa harap Niya."

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, "Hindi kayo ang pumili sa akin, ako ang pumili sa inyo. Hinirang ko kayo upang kayo'y humayo at magbunga at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, ay ibibigay sa inyo."

Ikaw ay nag-iisa at natatangi. Ang iyong pagkakakilanlan ay matatagpuan sa isang ugnayan sa iyong Manlilikha. Nabubuhay ka sa panahong ito dahil sa nag-iisang Diyos ang lumikha sa iyo, Siya na nagmamahal sa'yo, at pinili ka para sa Kanya at upang maging bahagi ng Kanyang pamilya.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ka nilikha ng Diyos na natatangi, basahin ang mga talatang ito: Efeso kabanata 1-2; 1 Juan 4; Colosas 1; Juan 15

Before you can know who you are and why you are here, you must understand a few things first.

YOU WERE CREATED WITH PURPOSE.

"For we are God's masterpiece. He has created us anew in Christ Jesus, so we can do the things he planned for us long ago."

"Christ is the visible image of the invisible God. He existed before anything was created and is supreme over all creation, for through him God created everything in the heavenly realms and on earth. He made the things we see and the things we can't see – such as thrones, kingdoms, rulers, authorities in the unseen world. Everything was created through him and for him."

YOU ARE LOVED BY YOUR CREATOR.

"God showed how much he loved us by sending his one and only Son into the world so that we might have eternal life through him. This is real love – not that we loved God, but that he loved us and sent his Son as a sacrifice to take away our sins."

"But God is so rich in mercy, and he loved us so much, that even though we were dead because of our sins, he gave us life when he raised Christ from the dead."

YOU WERE CHOSEN TO BELONG TO GOD'S FAMILY.

You can accomplish good things that will last by following him and learning from him.

"Even before he made the world, God loved us and chose us to be holy and without fault in his eyes. God decided in advance to adopt us into his own family by bringing us to himself through Jesus Christ."

Jesus said to his disciples, "You didn't choose me, I chose you. I appointed you to go and produce lasting fruit, so that the Father will give you whatever you ask for using my name."

You are the one and only you. Your identity is found in a relationship with the One who created you. You are alive for such a time as this because the one and only God created you, loves you, and chose you to be his and be part of his family.

For more information on how God made you one of a kind, check out these verses: Ephesians chapters 1-2; 1 John 4; Colossians 1; John 15.

KABANATA 4: INIIBIG AT HINDI NAG-IISA

Hindi ka nag-iisa sa iyong paglalakbay.

Noong nilalang ng Manlilikha ang tao, sinabi Niya na hindi mabuti para sa tao na mag-isa. Dinisenyo Niya ang mga tao upang makihalubiho at makipag-ugnayan sa isa't isa sa maayos at makabuluhang paraan. "Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal." Ang mga pakikipag-ugnayan ay nabubuo dahil sa mga parehong interes, layunin, at paniniwala. Ito ay nangangailangan ng pag-uusap, katapatan, paggalang, mga limitasyon, at ilang antas ng pagtitiwala at pagtatalaga upang maging matagumpay.

Ang mga maayos na pakikipag-ugnayan ay napakahalaga at maaaring magdulot ng pakiramdam na ikaw ay ligtas, minamahal, at nauunawaan, ngunit ang mga magulang pakikipag-ugnayan ay maaaring magdulot ng maraming uri ng pinsala. Kaya matalinong hakbangin ang maingat na pagpili ng mga makakasama.

Sa kabutihang-palad, itinuturo sa atin ng Bibliya kung paano magkaroon ng maayos na pakikipag-ugnayan. Binuod ni Jesus ang lahat ng ito sa dalawang utos: **Mahalin mo ang Diyos nang higit sa lahat at mahalin ang kapwa gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili.**

Dahil mahal tayo ng Diyos at Siya ay lubos na mapagkakatiwalaan, ipinapakita natin sa Kanya ang ating pag-ibig sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Kanya ng ating buhay at paggawa ng mga bagay ayon sa Kanyang kalooban. Binibigyan natin Siya ng mahalagang puwang sa ating buhay.

Paano mo mamahalin ang iba gaya ng iyong sarili? Ganito ang sinabi ni Jesus, "Gawin mo sa iba ang gusto mong gawin nila sa iyo. Ito ang pinakabuod ng lahat ng itinuturo ng kautusan at ng mga propeta." Ang katapatan, paggalang, pagiging totoo, at pagpapatawad ay ilan sa mahahalagang katangian ng mga pakikipag-ugnayan. Kung nais mo ng katapatan mula sa iba, magpakatapat ka rin. Kung gusto mong respetuhin, respetuhin mo rin ang iba. Unawain mo ito. Kung nais mo ng mabuting kaibigan, maging mabuting kaibigan ka rin.

CHAPTER 4: LOVED AND NOT ALONE

You are not alone on your journey.

When the Creator made man, he said that it was not good for man to be alone. He designed people to connect and relate with each other in healthy and meaningful ways. "Two people are better than one for they can help each other succeed. If one person falls, the other can reach out and help. But someone who falls alone is in real trouble." Relationships are built upon common interests, goals, and beliefs. They require communication, honesty, respect, healthy boundaries, and some level of trust and commitment to be successful.

Healthy relationships are invaluable and can make you feel safe, loved, and understood, but unhealthy relationships can cause a lot of damage. So it is wise to choose your relationships carefully.

Thankfully, the Bible teaches us how to have healthy relationships. Jesus summed it all up in two commands. **Love God first with all you are and then love others as yourself.**

Because God loves us and is completely trustworthy, we show him our love by entrusting our lives to him and doing things his way. We give him first place in our lives.

How do you love others as yourself? Jesus put it this way, "Do to others whatever you would like them to do to you. This is the essence of all that is taught in the law and the prophets." Loyalty, respect, honesty, and forgiveness are a few of the essential qualities of relationships. If you desire loyalty from others, then be loyal. If you want respect, then respect others. You get the picture. If you want a good friend, then be one.





Halimbawa, isang araw ay nangangaral si Jesus sa isang silid na may napakaraming tao. Nananampalataya ang apat na tapat na lalaki na pagagalingin ni Jesus ang kanilang paralitikong kaibigan kung maipasok lamang nila siya sa silid. Kaya't ibinaba nila ang kanilang kaibigan sa kanyang higaan mula sa bubong at inilagay siya sa harap ni Jesus. Si Jesus, nang makita ang kanilang pananampalataya, ay pinatawad ang kanyang mga kasalanan at pinagaling ang kanilang kaibigan. Nagpamalas sila ng pagmamahal at katapatan, tinulungan ang isang tao na hindi kayang tulungan ang kanyang sarili, at pinagpala sila ng Diyos.

Ang mga tapat na kaibigan ay makapagdadala sa atin sa mga lugar na hindi natin kayang puntahang mag-isa.

Tingnan natin ang isang tapat na batang balo na nagngangalang Ruth, na nakatira kasama ng kaniyang biyenang babae, si Naomi, na isa ring balo sa kanyang sariling bayan. Nagpasya si Naomi na bumalik sa kanyang sariling bayan. Sinabi niya kay Ruth na manatili at maghanap ng ibang asawa. "Ngunit sumagot si Ruth, 'Huwag mo akong hilingin na iwanan ka at bumalik. Saan ka man pumunta, pupunta ako; saan ka man manahan, doon ako mananahan. Ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Diyos ay magiging aking Diyos. Saan ka man mamatay, doon rin ako mamamatay, at doon ako mahihimlay ..."

Upang mas matuto pa tungkol sa pakikipag-ugnayan, basahin ang Marcos 2 at Ruth kabanata 1-3.





For instance, one day Jesus was preaching in a very crowded room of people. Four faithful men believed Jesus would heal their paralyzed friend if they could only get him into the room. So they lowered their friend on his bed from the roof and laid him in front of Jesus. Jesus, seeing their faith, forgave his sins and healed their friend. They demonstrated love and loyalty, helping a man who could not help himself, and God blessed them.

Loyal friends take us places we couldn't get to alone.

Let's take a look at a loyal young widow named Ruth, who lived with her mother-in-law, Naomi, who also was a widow in a foreign land. Naomi decided to return to her homeland. She told Ruth to stay and find another husband. "But Ruth replied, 'Don't ask me to leave you and turn back. Wherever you go, I will go; wherever you live, I will live. Your people will be my people, and your God will be my God. Wherever you die, I will die, and there I will be buried ...'"

To learn more about relationships, read Mark 2 and Ruth chapters 1-3.

Nang maglaon, habang namumulot si Ruth ng mga tirang butil mula sa isang anihan, napansin siya ng mayamang may-ari ng lupain, si Boaz, at nagpakita sa kaniya ng labis na kabaitan at kaluguran. Pagkaraan ng ilang sandali, magalang na sinunod ni Ruth ang mga tagubilin ni Naomi na lumapit kay Boaz at ipaalam sa kaniya na siya ang kanilang pinakamalapit na kamag-anak. Siya ay may karapatan na pakasalan siya upang siya ay magkaroon ng mga anak na dadalin ng pangalan ng kanilang pamilya. "Pagpalain ka ng Panginoon, anak ko!" bulalas ni Boaz. "Mas marami ka nang ipinakitang katapatan sa pamilya ngayon kaysa sa ginawa mo noon, dahil hindi ka naghanap ng nakababatang lalaki, mayaman man o mahirap. Ngayon, huwag kang mag-alala tungkol sa isang bagay, anak ko, gagawin ko ang kailangan, dahil alam ng lahat sa bayan na ikaw ay isang marangal na babae." Di-nagtagal, malugod na tinaggap ni Boaz si Ruth bilang asawa niya.

Idinisenyo ka para sa mga maayos na pakikipag-ugnayan. Sa kabutihang palad, ang Diyos ay naglaan ng "gabay" sa Kaniyang Salita para sa ating mga pakikipag-ugnayan. Ang Bibliya ay puno ng makapangyarihang mga tagubilin at mga kuwentong nagpapabago ng buhay ng mga taong katulad mo. Mula rito, matututuhan natin ang kahalagahan at kabuluhan ng pagpaparangal sa iba dahil pinararangan nito ang Diyos.

Huwag kalimutan ang una sa dalawang utos ni Jesus. **"Mahalin mo ang Diyos ng higit sa lahat."** Dapat kang magkaroon ng ugnayan sa Kanya na lumikha sa iyo at unang nagmahal sa iyo. Sa gayon, magagawa mo nang lubusang matamasa ang iba pang mga ugnayan sa iyong buhay.



Later, as Ruth was gathering leftover grain from a harvest field, the wealthy landowner, Boaz, noticed her and showed her much kindness and favor. After a while, Ruth respectfully obeyed Naomi's instructions to approach Boaz and inform him that he was their closest relative. He had the legal right to marry her so she could have children to carry on the family name. "The Lord bless you, my daughter!" Boaz exclaimed. "You are showing even more family loyalty now than you did before, for you have not gone after a younger man, whether rich or poor. Now don't worry about a thing, my daughter, I will do what is necessary, for everyone in town knows you are a virtuous woman." Soon after, Boaz gladly took Ruth as his wife.

You were designed for healthy relationships. Thankfully, God has provided a "guide" for our relationships in his Word. The Bible is full of powerful instructions and life-changing stories of people just like you. From it, we can learn the value and importance of honoring others because it honors God.

Don't forget the first of Jesus' two commands. **"Love God first and most."** You must have a relationship with the One who created you and loved you first. Then you will be able to fully enjoy the other relationships in your life.



ANG KATOTOHANAN NGAYON




Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Sapagkat ang nakikinig ng salita ngunit hindi sumusunod dito ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin, at pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at kinakalimutan ang kanyang anyo. Ang taong nagsasaliksik at nagpapatuloy sa pagsunod sa Kautusan ganap na nagpapalaya sa tao ang pagpapalain ng Diyos sa lahat ng kanyang gawain. Siya ang taong gumagawa at hindi siya katulad ng nakikinig lamang at pagkatapos ay nakakalimot.

TRUTHS FOR TODAY


John 15:13




Philippians 1:6



John 15:15



John 3:16-17



But don't just listen to God's Word. You must do what it says. Otherwise, you are only fooling yourselves. For if you listen to the Word and don't obey, it is like glancing at your face in a mirror. You see yourself, walk away, and forget what you look like. But if you look carefully into the perfect law that sets you free, and if you do what it says, and don't forget what you heard, then God will bless you for doing it.

KABANATA 5: MGA SULATING GABAY NI SOLOMON

Mag-log in sa anumang *social media platform* at agad mong makikita ang walang katapusang libangan dito. Ngunit hindi lahat ng madaling gawin ay talagang nakakatulong. Kailangan natin ng karunungan upang gabayan tayo sa malawak na mundong *virtual* na ito. Kung maaari tayong magtanong mula sa pinakamatalinong taong nabuhay, ano kaya ang sasabihin niya? Mabuti na lang, kasama natin ang taong iyon! Kilalanin si Solomon!



Haring Solomon

Sinaunang Hari ng Israel | Nagtayo ng Templo ng Diyos | Manunulat ng Kawikaan | May kapintasan | Pinili ng Diyos |



Solomon, bago tayo magsimula, paano ka naging marunong?

Mainam na tanong! Isang gabi nang ako ay kaluluklok na hari pa lamang, ang Diyos ay nagpakita sa akin sa isang panaginip at sinabi Niya, "Ano ang iyong nais? Humingi ka, at ibibigay ko ito sa iyo!" Naisip ko noon kung gaano kalaking tulong ang kailangan ko upang ako ay maging isang mabuting hari sa aking mga nasasakupan.



Kaya't sinabi ko sa Diyos, "Punan mo ng karunungan ang aking puso upang mapamahalaan ko ang iyong bayan nang may katarungan. Kung tutuusin, sino ba ang kayang magsagawa ng imposibleng responsibilidad na ito sa ganang kanilang sarili?"



Pagkatapos ay sinabi sa akin ng Diyos, "Ibibigay ko sa iyo ang hiniling mo! Bibigyan kita ng isang pusong marunong at may pang-unawa, na walang sinuman ang nagkaroon o magkakaroon pa kailanman."



Kamangha-mangha iyon! At alam niyo ba, mga mambabasa... May karunungan ding nais ipagkaloob sa inyo ang Diyos! Hindi niyo kailangang magliwaliw sa *social media* na walang patutunguhan. Kapag hindi niyo alam kung ano ang tama at mali, humingi kayo ng tulong sa Diyos! Siya ay mapagbigay sa Kanyang karunungan, at hindi Niya kayo hahamakin sa paghingi nito.



Tumpak. Hindi natin kailangang gawin ang lahat ng tayo lamang! Sa halip, maaari tayong magtiwala sa Diyos - ipapakita niya sa atin kung ano ang dapat nating gawin.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buhay ni Solomon, basahin ang 1 Hari kabanata 3.

CHAPTER 5: SOLOMON'S SCROLLING GUIDE

